CITY OF LONG BEACH

PUBLIC NOTICE

Hunyo 2, 2020

Ang Lungsod ng Long Beach ay Nagutos ng Curfew sa Buong Lungsod Simula 6 p.m. Ngayon

Long Beach, CA - Ngayong araw, ang Lungsod ng Long Beach ay nag-utos ng curfew na epektibo sa buong lungsod ng 6 p.m. ngayong gabi para sa kaligtasan ng publiko.

Walang sinuman ang maaaring maglakbay o pumunta sa mga pampublikong kalsada, avenue, alley, parke, way o anumang iba pang pampublikong lugar sa Lungsod ng Long Beach sa tagal ng curfew na ito, maliban kung malinaw na awtorisado. Para sa mga layunin ng regulasyon ng curfew na ito, ang “paglalakbay” ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, paglalakad, bisikleta, skateboard, scooter, motorsiklo, o sasakyan o kahit anong paraan ng paglalakbay.

Ang lahat ng mga negosyo, kabilang ang mga nakalista na “mahalaga” sa ilalim ng Utos sa Kalusugan ng Lungsod, ay sarado ng 6 p.m. ngayon.

Ang mga tauhang nagpapatupad ng batas, mga tauhan ng mga pumapatay ng sunog, tagapagbigay ng emerhensiyang pangangalaga sa kalusugan, tauhan ng emerhensiyang medikal, sibilyan na bahagi ng pulisya o emerhensiyang gawain, mga indibidwal na naghahanap ng emerhensiyang pangangalaga, mga indibidwal na naglalakbay papunta at mula sa kanilang lugar ng trabaho, at mga kinatawan ng media, mga negosyong nagsasara ng kanilang (mga) operasyon, mga taong nakakaranas ng pagkawalan ng tirahan at walang access sa shelter, at mga taong tumutulong sa paglilinis ng mga nasira dahil sa mga kaguluhan ay hindi kasama.

Noong Mayo 31, 2020, ang Manager ng Lungsod na si Tom Modica, Direktor ng Depensa sa Sibil ng Lungsod ng Long Beach, ay unang nagproklama ng isang lokal na emehensiya sa Long Beach at nag-utos ng curfew base sa kapangyarihan na nakalista sa Munisipal Code.

Noong Mayo 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkikilos ng kaguluhan sa sibil at mga limitadong lokal na mapagkukunan, ipinahayag ni Gobernador Gavin Newsom ang isang State of Emergency para sa lahat ng County ng Los Angeles at inutusan ang lahat ng mga residente na sundin ang payo ng mga lokal na opisyal ng emerhensiya. Ang Long Beach Munisipal Code 2.69 ay nagbibigay ng kapangyarihan sa Direktor ng Depensa sa Sibil (Manager ng Lungsod) na ipahayag, na sumasailalim sa pagpapatibay

ng Konseho ng Lungsod sa loob ng pitong araw, ang pagkakaroon o nagbabantang pagkakaroon ng lokal na emerhensiya kapag ang Lungsod ay naapektuhan o malamang maapektuhan ng isang sakuna o pangunahing emerhensiya at ang Konseho ay wala sa sesyon.

Ang curfew ay mananatiling epektibo hanggang 6 a.m. Hunyo 3, 2020, maliban kung pinahaba kung kinakailangan ng sitwasyon.

Ang mga indibidwal ay maaaring tumawag sa 562.570.INFO (4636) para sa paglilinaw o impormasyon. Mga empleyado at may-ari ng negosyo sa Long Beach ay maaaring tumawag sa 562.570.4BIZ (4249) para sa mga katanungan. Upang maiulat ang mga paglabag, tumawag sa non-emergency na linya ng Kagawarang ng Pulisya ng Long Beach sa 562.435.6711. Para sa mga emerhensiya, tumawag sa 9-1-1.

Mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

###